1

Napatigil sa paglalakad sa loob ng campus ng *Hawaii Pacific University* si Akane Zhao kung saan siya nagtapos ng MA para sa kursong Business Administration. Kakukuha lang niya ng kanyang credentials.

Isang lalaking estudyante na nasa undergraduate school pa ang nakasunod sa kanya. Isa itong Hawaiian. Kanina pa ito nakabuntot sa kanya.

Nag-about-face siya. "What?" aniya.

"You haven't said yes to my invitation."

"No," mababa ang tinig na sagot niya at ipinagpatuloy ang paglalakad.

Muling itong sumunod. He was the typical college guy, kasali sa basketball varsity team at may motorsiklo. Kaedad niya ito, ngunit nasa kolehiyo pa dahil hindi maiwan ang varsity. Matagal na itong nagpapalipad-hangin sa kanya, hindi niya lang pinapansin. At ngayon nga'y naispatan siya nito sa loob ng campus at niyayang makipag-date.

"I won't stop until you say yes, Akane," pangungulit

nito.

Muli niya itong hinarap. “Anak ka ng tinapa!” mura niya.

“What did you just say?” salubong ang mga kilay na tanong nito.

Pinigil niya ang matawa. Bihasa siya sa Filipino at Cantonese dahil half-Chinese, half-Filipino ang kanyang ama. Alam din niyang mag-Nihongo dahil half-Japanese, half-Filipino naman ang kanyang ina. Parehong Pilipina ang kanyang dalawang lola. Dahil sa halo-halong salitang gamit nila sa kanilang pamilya ay may kakaiba tuloy siyang accent sa lahat ng mga lengguwaheng iyon.

At dahil din sa halo-halong lahi sa genes niya ay nagkaroon siya ng kakaibang kagandahan. She may be not that tall but she was slender and long-legged. Unat at itim ang kanyang buhok na lampas-balikat na lagi niyang nakakatuwaang i-pigtail. Singkit nga ang kanyang brown na mga mata ngunit hindi single eyelid ang mga iyon. Maliit ngunit matangos ang kanyang ilong, maganda ang hubog ng kanyang cheekbones at kissable daw ang kanyang pouty lips.

She was pretty, all right. Pero wala siyang pakialam sa kanyang hitsura. To look pretty to

everybody else was the least of her concern. Actually, she was already starting to hate being a girl. Hindi sa gusto niyang maging tomboy o kung ano pa man. Sa pamilyang kinalakhan niya ay conventional pa rin ang tingin sa kababaihan. Dapat ay sumusunod sa kagustuhan ng mga magulang, at dapat ay submissive sa magiging asawa. At hindi siya ganoon!

Wala siya talagang balak kumuha ng masteral studies, pero napilitan siya upang makalayo sa kanilang tahanan sa Hamakua. Ang gusto kasi ng kanyang ama ay tulungan niya itong mag-manage sa plantasyon nila ng macadamia pagkatapos niya ng kolehiyo. Ngunit wala siyang hilig sa negosyo. Isa pa, kasama naman nito ang pamilya ng nag-iisa nitong kapatid sa pamamahala sa taniman. They didn't really need her there.

Ang gusto niya ay magkaroon ng sariling dojo at magturo sa kabataan ng aikido. Natutunan niya ang martial arts na iyon mula sa kapatid ng kanyang ina sa Nagoya, Japan na si Daisuke. Tuwing bakasyon ay nagpupunta siya roon at nagpapakadalubhasa sa pakikipaglaban kahit labag sa utos ng ama.

Sumeryoso siya sa kaharap. "I don't wanna go out with you, Johnny." Iyon lang at naglakad uli siya, mas mabilis.

Ngunit mabilis din ang humahabol sa kanya. Hinarang siya nito. “Not too fast!”

Presko talaga. “Out of my way,” nagbabantang sabi ni Akane. Sa lahat ng nagpapa-turn-off sa kanya ay mga lalaking nagsusumigaw ang male hormones sa katawan. Ayaw niya ng mga dominante, presko at mayabang. Lalo pa’t wala naman talagang ipagmamalaki.

“Or else what?” nakangising hamon nito.

Kaswal siyang sumagot, “You’re gonna get hurt.”

Tumawa ito. Mukhang hindi yata nakarating dito ang ‘campus reputation’ niya. Takot manligaw sa kanya ang halos lahat ng kalalakihan sa paaralan. Ang mga nagpumilit ay dinaan niya sa sindakan.

“Get the f*ck off my way, Johnny,” matiim niyang sabi. “I mean it.”

Humalukipkip ito. “Make me.”

“Okay.” Tumalon si Akane at umikot ng three hundred sixty degrees, sabay sipa sa tabi ng mukha nito.

Nagulat ito sa kanyang ginawa. Pero tinawanan siya nito. “Whoa! That was so cool. But I’m afraid you didn’t hit the target, sweetheart!”

Natawa siya sa loob-loob. “Next time I raise this leg, I won’t miss again, dude. Now move.”

Naturuan din siya ng kanyang namayapang Chinese grandfather ng basics sa wushu noong bata pa siya, ngunit mas naging expert siya sa aikido. Sineryoso niya talaga ang mga lessons na itinuro sa kanya ni Uncle Daisuke tuwing summer vacation.

Umiwas na rin sa wakas si Johnny sa kanyang daraanan. Natakot yata. Kapag patuloy pa siyang kinulit nito ay baka mabalian niya ito ng buto!

Nagbuga si Akane ng hangin saka ipinagpatuloy ang paglalakad palabas ng campus. Tumunog ang kanyang cellphone bago pa man siya nakasakay sa kotse.

Si Kaede ang tumatawag. Anak ito ng panganay na kapatid ng kanyang ina, ang yumaong si Tetsuo. Pilipina ang namayapang ina nito, making him one-fourth Japanese kagaya niya. Nakatira ito sa Pilipinas kasama ang walong taong gulang na half-brother na si Hiroshi. Presidente ito ng *Sakura Realty*, isang malaking business enterprise na pagmamay-ari noon ng ama nito.

“Napatawag ka?” bungad niya sa pinsan.

“Ipinapaalala ko lang sa ’yo ang kasal ni Kendra

next month. Baka indyanin mo na naman gaya ng ginawa mo sa kasal ko."

Napakamot siya sa kilay. "A-attend po ako, huwag kayong mag-alala."

Yup. Pikit-mata siyang magmamartsa sa altar bilang maid of honor ni Kendra, ang pinsan nilang anak ni Daisuke. Kailan lang nila ito nakilala dahil hindi alam ng kanilang tiyo na mayroon pala itong anak sa isang Pilipina na inibig nito noon ngunit hindi nakatuluyan. Kasal na si Kendra kay Traven sa huwes at nang makapanganak ay nagpasya ang dalawa na isabay ang church wedding sa binyag ni Diana, ang baby girl ng mga ito.

"And correction, Kaede, hindi kita inindyan noon. May exams ako. Saka nagpunta naman ako doon sa party na ibinigay ng mga kamag-anak natin sa inyo noon ni Malaya sa Tokyo, di ba?"

"Oo na." Tumawa ito. "I'll bet you'll look prettier in your gown."

She snickered. "You know I don't really wear that kind of shit!" Hate na hate niyang magsuot ng palda o bestida. Hindi siya komportable sa mga ganoong suot. She prefered wearing pants, capris and leggings matched with loose shirts.

"Sige na, tatawag pa ako sa mama mo," tatawa-tawang paalam ni Kaede.

Napangiti siya. Ang laki ng ipinagbago ng pinsan mula nang ma-in love ito. Natuto nang magbiro nang madalas at tumawa. Before, he was cold detached. Anti-social ito, madalas ay tahimik at ni hindi ngumingiti. Ang epekto nga naman ng tinatawag nilang pag-ibig…

"May rehearsal dinner pang nalalaman," gusot ang ilong na bulalas ni Riley sa telepono. Kausap niya si Traven, ang kaibigan at regular client ng *Redux,* isang private investigation and security services kung saan isa siya sa tatlong may-ari. Siya ang best man sa kasal nito kay Kendra, sabay sa binyag ng three-month-old baby girl ng mga ito kung saan ninong din siya. Akala niya ang kanyang pupuntahan ay final fitting lang ng susuoting barong Tagalog. May rehearsal dinner pa pala.

"Pasensya na, pare. Ang wedding planner ang may pakana ng lahat ng ito."

Hindi na tiningnan ni Riley ang monthly schedule na naka-store sa kanyang cellphone. Kahit may appointment siya sa araw ng rehearsal ay madali

lamang niya iyong maipapasa sa kanilang ibang agents. “Okay, I’ll be there.”

Nag-inat siya sa kinauupuang swivel chair matapos makipag-usap kay Traven. Parang kailan lang noong itayo nila ang *Redux* kasama ang kaibigan niyang si Icko at ang pinsan niyang si Luna. Heto at matagumpay na ang venture nila.

Mayayaman ang karamihan sa kanilang kliyente. They did background checking, maghanap ng mga nawawalang tao, maniktik sa mga nangangaliwang asawa, at minsan, mag-imbestiga sa mga inaakusahang lumabag sa batas at consultants ng mga kaibigan nilang mga pulis sa mga unsolved crimes. Nagpo-provide din sila ng security officers at bodyguards.

Sumulyap siya sa kanyang *Tissot* sport watch; mag-a-alas-tres na ng hapon. Mabilis niyang ni-review ang mga papeles na kailangan niyang pirmahan. May date siya mamayang alas cuatro.

As usual, nauwi ang date na iyon sa motel. And as usual, masaya si Brenna—isang office girl na nakilala niya sa isang bar last week—sa kanilang paghihiwalay nang gabing iyon. They both satisfied each other in bed. Ngunit kahit gaano pa kagaling sa kama ang babae ay kailangan na niyang tapusin dito ang ugnayan nila.

He didn't want commitment. He didn't want a steady girlfriend or a bed partner either. Ayaw na niyang maranasan ang pagkabuwisit sa kanyang pinakaunang girlfriend noong nasa college pa siya. Sobrang clingy at demanding sa kanya ng babaeng iyon. At ayaw niya ng ganoon. He wanted his freedom. Ayaw ni Riley na may nangingialam sa buhay niya.

Alam niyang kung palalawigin pa beyond one-night stand ang pakikipagrelasyon niya sa mga babae, he would be in trouble again. At least, pag ganito, malinaw ang lahat. At maghihiwalay sila nang maayos ng kung sinumang babaeng nakasiping niya.

"You have my number," makahulugan ang ngiting paalala sa kanya ni Brenna nang itigil niya ang kotse sa tapat ng apartment building kung saan ito nakatira.

Idinikit nito ang hintuturo sa mga labi niya. "No strings attached, baby. Payag ako doon."

"Thanks, but no thanks."

Hindi naman napapalis ang ngiti ng babae. "Okay. Pero pag nagbago ang isip mo, you know how to reach me." Ikinawit nito ang kamay sa kanyang batok at hinalikan siya nang mapanukso.

Nauwi tuloy sila sa loob ng unit ni Brenna.

Malapad ang ngiti nito habang pinapanood siyang magbihis matapos ang isang mainit na sandali. He knew, her eyes were feasting on his perfect male anatomy.

Guwapo si Riley, oo, pero inaamin niyang hindi siya sobrang guwapo. There was nothing extraordinary about his face. He didn't possess that celebrity nor a heartthrob look but he knew that he had a strong sex appeal, that he was hot. Maraming mga babae ang naaakit sa kanya kahit sa tingin pa lang.

2

Inis na inis si Akane sa tabas ng gown na susuotin niya sa kasal. Off-shoulders iyon, hapit sa katawan at may mahabang slit sa gilid. Kitang-kita rin ang cleavage niya sa mababang neckline. Ayaw na ayaw niya ng seksing damit! Gusto na niyang gutay-gutayin ngayon ang lintek na gown na ito. Sayang, type pa naman niya ang olive green na kulay.

At mas lalong umusok ang ilong niya nang makita ang mga sapatos na susuotin. Halos apat na pulgada yata ang taas ng mga takong! Kung bakit kailangan pang uniform ang mga sapatos nila ng mga abay sa kasal!

'Kainis! Ang daming arte!

"You look beautiful!" hangang-hangang palatak ni Kendra nang pumasok ito sa tinutuluyan niyang guest room sa bahay nito at ni Traven.

Napangiwi siya habang sinisipat ang sariling repleksyon sa life-size mirror doon. Sinubukan niyang umikot ngunit muntik na siyang mabuwal dahil sa suot niyang mga sapatos.

"I swear, deadly weapon talaga ang mga

shoes na ito, Ken!" bulalas niya. Paano kaya siya makakapaglakad nito sa aisle? Mag-isa pa naman siyang maglalakad, wala siyang kakapitan kung sakaling matapilok siya.

Tumawa ang pinsan. "Pasensya ka na, hindi ako masyadong hands-on sa preparations ng kasal na ito. Alam mo naman, mommy na ako."

Naintindihan niya iyon. Kahit pa may yaya si Baby Diana ay mas nakakarami pa rin ang pag-aalaga rito ni Kendra.

"Practice makes perfect, Akane," payo nito. "Believe me, hindi rin ako nagsusuot ng high heels, pero nakuha sa ensayo. Di bale, next week pa naman ang kasal, maraming araw ka pang makakapag-ensayo gamit iyan. Maglakad ka around this house wearing those shoes. Ganoon ang ginawa ko, and before I knew it, sanay na ang mga paa ko sa high heels."

Inis na napaupo siya sa kama nang iwan na siya nito.

Mahal ni Akane ang pinsan. Kaya kahit hate na hate niya ang damit at ang pamatay na mga sapatos ay susuotin niya ang mga iyon. Alam niyang ayaw rin ni Kendra ng mga formalities, lalo pa ng gowns

at girly shoes pero binali nito ang katigasan ng ulo upang magkaroon ng maayos at magandang kasal. Not that Traven would care, anyway, dahil hinahayaan lang nito ang asawa sa mga gustong gawin gaya ng pagsusuot ng gothic o emo outfits, but it was Kendra's choice na sumunod sa traditional church wedding.

Hindi pa gaanong matagal na magkakilala sila ni Kendra, ngunit malapit na kaagad ang loob niya rito. Tulad niya, isa rin itong non-conformist at kakaiba ang mga pananaw sa buhay. Natatawa rin siya sa morbid sense of humor ng babae. She was fun and witty and beautiful. No wonder Traven was all over her.

Teka, bakit parang naiinggit yata siya? Naiinggit ba siya at nakatagpo ng tunay na pag-ibig ang pinsan at ikakasal na ito? O mas naiinggit ba siya dahil nakatagpo ito ng lalaking nagmamahal dito unconditionally—nakakasakay sa lahat ng trip nito sa buhay? Mayroon din kayang lalaking nakalaan para sa kanya?

Simple lang ang kanyang pamantayan sa pagpili ng nobyo. Gusto niya ng isang lalaking may matatag na disposisyon sa buhay, madiskarte at maprinsipyo. Siyempre, ayaw rin niya ng mas mahina sa kanya. Aba, ang pangit naman yata kung siya pa ang

magtatanggol sa boyfriend niya oras na manganib pareho ang buhay nila. Pero ayaw niya ring porque malakas ang isang lalaki ay ipapangalandakan nito iyon sa kanya. Na sapilitan siya nitong ipapasailalim sa mga kagustuhan nito.

Right. As if nasa tabi-tabi lang ang mga lalaking ganito.

"Aray!"

Sapo ni Riley ang noo na tinamaan ng—sapatos? Pinulot niya iyon, isang kulay pilak na strappy ladies' sandal na may mataas na takong. Lumipad galing sa kung saan habang naglalakad siya sa driveway papasok sa bahay ni Traven. Ipinarada niya na lang ang motorsiklo sa labas ng gate ng bahay nang matuklasan niyang bukas iyon. Galing siya sa isang date at nasa daraanan niya pauwi ang village kung saan nakatira ang kaibigan kaya naisipan niyang sumaglit dito.

And, wait, may nambato sa kanya ng isang sapatos?

Sinipat niya iyong mabuti. The shoe was about size five, makipot, payat ang heels. Sexy. Sexy rin siguro ang mga paang nagmamay-ari niyon. Pero,

shit naman! Bakit ibinato iyon sa kanya?

Buti na lang at hindi ang matulis na takong ang tumama sa noo niya, kundi butas tiyak ang bungo niya!

Sa muli niyang pagtuwid ng tayo ay isa pang sapatos ang tumama sa kanya. This time, ang kanyang dibdib ang sinapol niyon.

Gigil na pinulot ni Riley ang kapares ng unang sapatos na tumama sa kanya at mabilis na naglakad patungo sa pinto ng bahay.

Somebody was making fun of him at hindi niya nagugustuhan iyon!

Banas siyang nag-doorbell. Pero hindi si Traven o si Kendra ang nagbukas ng pinto. Hindi rin ang kasambahay ng mga ito o yaya ng bata.

It was a… girl. A small petite girl na halos hanggang dibdib niya lamang. Nakasuot ito ng black leggings at isang red shirt. Naka-pigtail ang buhok nito. Her brown eyes were almost almond-shaped and full of life. She had the cutest little nose he had ever seen. Medyo mataas ang cheekbone at maganda ang hugis ng mga labi nito.

"Yes?" anang babae. Napamulagat ito nang

mapansin ang bitbit niyang mga sapatos.

Awtomatikong tumingin si Riley sa mga paa nito. Walang sapin. At makikipot at maliliit iyon.

"I believe these are yours?" he said, thrusting her the silver shoes.

Namumula ang mga pisnging inabot nito ang mga iyon. "A-akin nga ang mga ito."

Napansin niya ang kakaibang accent nito.

"Magaling ka palang umasinta," hirit pa niya.

Pasimple siyang humaplos sa noo niyang nabiktima ng isa sa mga sapatos.

"Tinamaan ka?" Magkahalong embarassment at doubt ang nakarehistro sa mukha nito.

"Dalawang beses."

Lalong pumula ang mga pisngi ng kaharap. "I... I'm sorry. I didn't mean to. Nagpa-practice lang akong maglakad gamit ang mga ito and I was too frustrated kasi hindi ako matuto-tuto."

Tumikhim siya. "Can I come in now?" nakangiting tanong ni Riley.

"O-oh, sorry about that." Nag-give way ito sa

kanya.

Ipinakilala niya ang sarili pagtuntong sa loob ng bahay. "I'm Riley Altamirano, kaibigan ako ni Traven." Iniabot niya ang kamay. "And you are...?"

"Akane. Akane Zhao. Pinsan ako ni Kendra."

"You're the maid of honor?" gulilat na nanulas sa bibig niya. Tandang-tanda niya ang pangalan na iyon na katabi ng pangalan niya sa wedding invitation. Hindi niya akalaing bata pa pala ito! Isang high school student ang kapareha niya sa kasal!

"Yes." Lalong naningkit ang mga nito, animo'y hindi nagustuhan ang violent reaction niya.

"Riley, pare!" Si Traven, sumulpot ito mula sa likuran ng babae. "Nadalaw ka?"

"Napadaan lang, pare."

"Maiwan ko na kayo," matabang na paalam sa kanila ni Akane. Tinapunan pa siya nito ng disgusted na tingin bago um-exit.

What, was it something that he said? Para hindi lang naman niya naitago ang pagkabigla sa pagkakatuklas na sobrang bata pala ang ipapareha sa kanya!

Naupo si Riley sa couch sa sala. “Pare, hindi mo sinabing nandito pala ang flower girl n’yo?” natatawang sabi niya.

“Gago!” Lumingon ito sa direksyon ng nilakaran palayo ni Akane. “Huwag mong mapikon-pikon ’yan at baka tamaan ka ng lumilipad na sipa.”

“Tinamaan na ako! Hindi nga lang kasama ang mga paa niya.”

Kumunot ang noo ng kaibigan.

“Ibinato niya sa labas ng bahay ang mga sapatos niya, nasapol ako sa noo at dibdib.”

Napahagalpak ito ng tawa. “Hanggang ngayon pala, hindi pa rin siya natututong maglakad gamit ang mga iyon. Poor thing.”

“Poor thing my ass, Traven! Hindi mo ba narinig ang sinabi ko? Tinamaan ako ng mga sapatos niya!”

“Buhay ka pa naman.”

“Saka bakit hindi n’yo sinabi sa akin na nene pa pala ang Akane na iyon?” Ang inaasahan niya ay isang full-grown woman ang maid of honor—maganda, sexy at babaeng-babae. Excited pa naman siyang makilala ang Akane na iyon. Pero ano ang natuklasan niya? Naglalaro pa yata ng piko ang

babaeng ipapareha sa kanya!

"She's twenty-three, pare, hindi ko pa ba nasasabi sa 'yo? Hindi na siya nene," pagtatama ni Traven.

Napamulagat si Riley. "She looks like sixteen!"

Tumawa ulit ito. "Isn't she cute?"

"Feisty, you mean."

Very menacing ang paniningkit nito ng mga mata sa kanya. At wala pang mga babaeng tumingin sa kanya nang ganoon. Lahat ng mga babaeng tinititigan niya ay natutunaw sa kanyang harapan.

But not Akane Zhao. Something told him na hindi ito pangkaraniwang babae…

Napasimangot si Akane nang mapagsino ang nagyayaya sa kanya na sumayaw sa reception ng kasal.

Ang preskong best man na sa malas ay hindi tinamaan ng mismong takong ng ibinato niyang mga sapatos noon.

He was starting to piss her off. Nagsusumidhi ang pagkaarogante at bilib nito sa sarili. And how she hated his guts! Mula noong una niya itong makita sa

pintuan ng bahay nina Traven at Kendra hanggang sa rehearsal ay kinainisan na niya ang presence nito. Paano, napakalakas ng dating ng lalaki! Talo pa ang bagyo!

Sobrang confident sa sarili. *Akala mo kung sinong guwapo!*

Tumingin si Akane sa mukha nito. True, hindi nito taglay ang dark and mysterious looks ng pinsan niyang si Kaede. Hindi rin ito tipong hottie na boy-next-door kagaya ng isa pang kaibigan ni Kaede na si Casper. At lalong hindi ito charming kagaya ng looks ni Traven. But Riley possessed something else. Hindi ito drop-dead gorgeous sa unang tingin ngunit gumuguwapo habang tinititigan.

At lalaking-lalaki ang dating nito.

Dahil mayabang! giit ng utak niya. *Nagsusumigaw ang male hormones sa katawan!*

She hated the way he talked na tila ba siguradong-sigurado sa lahat ng mga pinagsasasabi. Private investigator nga raw ito, ayon sa mga pinsan, at wala pa itong hinawakang kasong hindi na-solve. Expert din daw ito sa hand-to-hand combat at sa shooting.

Well, magaling na kung magaling! Hindi na nito kailangan pang maging mahangin.

"I don't know how to dance," tanggi ni Akane at ibinalik sa iniinom na champagne ang tingin.

"I can teach you."

Ang lakas talaga ng loob!

"Thank you pero hindi ko gustong matutong sumayaw."

Tila wala itong balak sumuko. Umupo ito sa tabi niya. "Bakit naman?"

Ang kulit, ha? Sisipain na niya ito! Lagot ito kung nagkataon lalo pa't natutunan na rin niyang maglakad gamit ang high heels. Baka butasin niya ang dibdib nito gamit ang mga takong niya! "Ayokong sumayaw, period."

"So magbubutas ka na lang ng bangko until the party is over?"

"Ano ba'ng pakialam mo?" At hindi siya magbubutas ng bangko dahil mayamaya lang ay magpapalit na siya ng damit. Naaalibadbaran na talaga siya sa kanyang suot. At mas lalo siyang naaalibadbaran sa pagkakatingin sa kanya ng lalaking ito!

Tandang-tanda niya ang paglaglag ng mga panga ni Riley nang masilayan nito sa unang pagkakataon

na suot niya ang gown kanina. Maganda ang pagkakaayos sa kanya ng professional makeup artist. She looked very elegant and sophisticated. Malayong-malayo sa totoong image niyang haragan.

Hah! Nagulat yata ang mokong! Paano, sinabi sa kanya ni Traven na napagkamalan siya nitong sixteen years old na dalagita noong una siyang makita. Ganoon ba siya kaliit para pagkamalan nitong nasa high school pa?

O, ano ngayon, natameme rin ito sa kagandahan niya!

Tila naa-amuse ito sa kanya. "Bakit parang ayaw mo sa akin?" nakangiting usisa ng binata.

"Mayabang ka kasi," simpleng sagot niya.

"Ano naman ang ipinagyabang ko sa 'yo?"

Napuno na siya. Siya pa naman ang taong maikli ang pasensya. "Will you please leave me alone? Thank you."

Lalo pa nitong pinaluwang ang ngiti.

"Know what, kung inaakala mong makukuha mo ako sa pangiti-ngiti mo diyan, nagkakamali ka. You actually look stupid smiling like that. Para kang constipated at sinasapian ng pitong demonyo!"

Tumawa lang ang kausap. Tila lalo pang naaaliw sa kanya.

Tama na, nagiging amusement na siya ng lalaking ito at naiinis na rin siya.

Sinaid ni Akane ang laman ng hawak na kopita saka tumayo. “Excuse me,” aniya bago humakbang.

Sinadya niyang tapakan ang isang paa ni Riley.

Kitang-kita niya sa mukha nito ang pagngiwi at pagpipigil mapasigaw sa sakit.

Ang tulis yata ng takong niya!

Ngingiti-ngiti siyang naglakad palayo rito.

Nag-iimpake na si Akane ng kanyang luggages pabalik ng Hawaii. Isang buwan din siyang nanatili sa Pilipinas at nagustuhan niya talaga ang kanyang bakasyon, ang malayo sa Hamakua. In fact, she wouldn’t mind living here, pero paano kung gusto siyang itali ng kanyang ama sa kanilang negosyo?

May narinig siyang boses ng lalaki sa bintana ng guest room.

“Well, hello there, Akane-chan!”

Gulat siyang napalingon dito.

Si Riley. Naka-lean ito sa window pane, nakadungaw ang ulo sa kanya. Malapad at nanunukso ang ngiti sa mga labi.

Ipitin niya kaya ang ulo nito ng sliding glass window?

"Wala ka bang bagong sapatos na ibabato sa akin?" nakangisi pa nitong tanong.

Ano ang ginagawa ng hinayupak dito? At bakit nandito ito sa bintana? Gusto na naman ba siyang asarin ng lalaki? O baka gustong bumawi sa pang-aapak niya sa paa nito.

Well, bring it on, man!

"Maleta, gusto mo?" mataray niyang hamon at ipinagpatuloy ang ginagawa.

"Uuwi ka na?" pangungulit pa nito.

"Obvious ba?"

"Hindi pa tayo nagiging close."

Napaangat ang ulo ni Akane. "Hindi tayo magiging close kahit kelan, tandaan mo 'yan, *baka*!"

"Hey, I'm not stupid!"

Oops, naintindihan pala nito ang Japanese term na sinabi niya!

"Ano ba'ng ginagawa mo diyan?" paangil na sita niya.

"Kinakamusta ka."

Inirapan niya ito at muling nagbaba ng tingin sa ginagawa. "You know, it's impolite to stare," aniya nang maramdamang tila nakapagkit sa kanya ang tingin nito.

"Who said so?"

Nag-angat uli si Akane ng ulo; this time, matalim pa sa katana niya ang tingin na ipinukol niya kay Riley. "Wala ka ba talagang manners?"

"Whoa! Ikaw kaya itong nang-aapak ng paa!"

Sinasabi na nga ba! "So, gusto mong gumanti?" Lumapit siya sa bintana.

Tumuwid ito ng tayo at humalukipkip, pinalapad at pinatamis ang ngiti.

Inilapit niya ang mukha sa lalaki. "Okay, you can slap or punch me. I don't care. Hindi ako gaganti. Then we can call it quits."

Inilapit nito ang mukha sa kanya. "Actually, I

have a better idea."

"Oh, yeah?"

"Yeah." Inilapit pa ni Riley ang mukha. "This."

And before she knew it, hawak na nito ang likod ng ulo niya at hinalikan siya sa labi.

Nanlaki ang mga mata ni Akane. Unang pagkakataon na may nangahas humalik sa kanya! Ni hindi niya pinahihintulutan ang mga lalaking naghahabol sa kanya na masaling kahit man lang dulo ng kuko at buhok niya. At heto ngayon, may isang lalaking humahalik sa kanya!

Hindi na niya namalayan ang mga pangyayari. Next thing she knew, binitiwan na siya ni Riley at ngingiti-ngiti itong umatras.

Doon na siya napatili nang malakas. Napamura nang brutal sa apat na lengguwaheng nalalaman niya.

Umuusok ang ilong at bumbunan na inakyat niya ang bintana at tumalon mula roon, mabilis niyang nilapitan ang mapangahas na lalaki. Inatake niya ito ng suntok sa mukha, ngunit sa hangin lamang tumama ang kanyang kamao.

"I will kill you, you bastard!" nanggagalaiting sigaw ni Akane. Umikot siya at sumipa. Tumama ang

kanyang paa sa matigas na dibdib nito. Pero tila hindi nito ininda iyon.

Tuloy ang pag-atake niya. Ngunit nananaig ang galit at inis sa kanyang emosyon kaya bara-bara ang naging kinalabasan ng kanyang pakikipaglaban. Napapatili siya at napapamura, nagngangalit ang mga ngipin.

Turo pa naman sa kanya ng kanyang lolo at Uncle Daisuke na dapat ay panatag ngunit alerto ang loob habang nakikipaglaban. Kailangang in control sa emosyon. Pero heto siya ngayon, parang galit na torong umaatake sa kalaban!

Mabuti na lang nakabalik na ng Japan noong nakalipas na araw si Uncle Daisuke, kung hindi mapapahiya ito sa mga sablay niyang atake!

Ngunit paano mapapanatag ang kanyang kalooban? May isang lalaking humalik sa kanya, sa bintana!

Dapat pala ay dinala niya sa Pilipinas ang kanyang katana nang ma-chop-chop niya ang buwisit na mokong na ito!

"Okay, okay. Stop!" ani Riley na patuloy sa pag-iwas at pagsangga sa kanyang mga atake.

"Ano'ng nangyayari dito?" dumadagundong ang boses na usisa ni Traven.

Sabay silang napahinto sa kanilang 'exhibition'.

"Riley! Ano'ng ginagawa mo kay Akane—Okay, what is going on here?"

Nagkatinginan sila ni Riley.

"Why don't you tell him?" nakangiting sabi nito sa kanya, naghahamon ang tingin.

Nang muli siyang napatingin kay Traven ay palabas na rin ng pinto ng bahay si Kendra.

Napalunok si Akane. Ano ang sasabihin niya sa mag-asawa?

"Okay, I'll tell them!" ani Riley. "I—"

"Nag-i-sparring lang kami," mabilis niyang putol sa sasabihin nito. Ayaw niyang mapahiya.

Dudang nagpalipat-lipat ng tingin sa kanila ang mag-asawa.

"Right," sang-ayon nito, sabay akbay sa kanya.

"Okay," dudang saad ni Kendra.

"Well, sparring it is. But, Riley, huwag mong kakalimutang babae pa rin si Akane kahit marunong

siya sa martial arts. You should be gentle on her," ani Traven, nag-aalala ang tingin sa kanya. Paano kasi, gulo-gulo ang buhok niya at bugso-bugso ang paghinga.

"Oh, I was," nakangising sabi ni Riley. "Right, Akane?"

"Y-yes," sagot niya at pumeke ng isang ngiti.

Sumalo sa lunch sa bahay ni Traven si Riley nang araw na iyon. Ngingiti-ngiti lamang siyang napapasulyap kay Akane na kaharap niya sa mesa. How he loved seeing her seething mad pero walang magawa.

Pero anak ng pating! Ang lakas pala nitong sumipa! Who would've thought na ang isang petite na babaeng tulad nito ay bihasa sa pakikipaglaban? Isang sipa lang ang tumama sa kanya, pero parang nagiba ang buo niyang dibdib. Hindi lang siya nagpahalatang masakit iyon para itayo ang kanyang pagkalalaki.

Pero okay lang. He enjoyed that little kiss. Akane's lips were so soft and luscious… And something told him na wala pang ibang lalaking nakahalik dito kundi siya. How sweet.

Ngunit wala talaga sa plano niyang halikan ito. Nang matanaw niya ito sa bintana habang papasok siya sa bakuran ng bahay ng kaibigan ay naisipan niyang asarin ito dahil inis pa rin si Riley sa pagtanggi nitong maisayaw niya at sa pag-apak nito sa kanyang paa. Pero nahamon ang pagkalalaki niya nang sabihin ng dalaga na maaari niya itong suntukin o sampalin para makabawi.

Hah! Little bitch! Ano, siya, pumapatol sa babae? Ni minsan ay hindi pa siya nanakit ng isang babae. Dahil ang dapat sa mga ito ay hinahalikan. Kaya naman iyon ang ginawa niya kay Akane.

Nang matapos ang tanghalian ay tumambay ang dalawang lalaki sa porch ng bahay. Kalong ni Traven ang baby nito.

Napangiti siya sa nakikitang masayang aura ng kaibigan. Mula nang maging ama ito ay napakalaki na ng naging pagbabago sa buhay nito. Hindi na ito workaholic gaya ng dati. Binitiwan nito ang pagiging CEO ng *Sakura Realty,* at tinanggap ang offer ni Kaede na maging VP na lang ito upang kumaunti ang workload. And he knew his friend so well—obsessed ito sa trabaho noon, walang panahon para mag-relax. Akala nga niya ay hindi ito makakapag-asawa dahil ni wala itong panahong makipag-date noon. But here

he was, married to a wonderful woman and blessed with a cute baby girl.

Naisip ni Riley, darating din kaya ang panahon sa kanya para mag-asawa?

Natawa siya sa loob-loob. Paano siya makakapag-asawa kung wala naman siyang steady date?

Napansin yata ni Traven ang pagka-amuse niya sa mag-ama. "You wanna hold her?" tanong nito.

"Sure." Tumayo siya at kinuha si Baby Diana mula sa kaibigan. First time niya yatang humawak ng bata. Wala pa siyang pamangkin dahil wala pang asawa ang kanyang younger sister. Napatawa siya nang ngumiti sa kanya ang bata. "I think she likes me."

"Siyempre, bata pa lang 'yan, marunong nang sumipsip sa ninong," tumatawang sabi nito.

Lumakas ang tawa ni Riley. Somehow, holding this little creature in his arms was bringing him a sense of unexplained joy.

"O, kelan ka gagawa ng pandagdag sa populasyon sa mundo?" pagkuwan ay tanong ng kaibigan.

Napailing siya. Sinasabi na nga ba't dito mapupunta ang usapan. Pero paano siya makakabuo

ng bata gayong safe sex ang pina-practice niya sa mga babaeng nakakaulayaw?

Nang mapuna niyang nakatayo sa pintuan ang dalawang babae, may pinag-uusapan habang hawak ang tig-isang basong orange juice. Napasulyap sa kanya si Akane, tila nagulat pa yata na hawak niya ang bata. For a while ay tumingin ito sa kanila ni Baby Diana. Amusement and wonder were in her lovely eyes. Ngumiti siya rito. Noon na ito nag-iwas ng tingin.

“Darating din tayo diyan, pare,” sagot niya sa tanong ni Traven.

3

Hindi makapaniwala si Akane sa narinig mula sa mga magulang habang magkakasalo sila sa hapag-kainan. Ipapakasal daw siya sa anak ng kaibigan ng kanyang ama!

"Papa, ni hindi ko nga kilala kung sino ang lalaking 'yan, 'tapos bigla-biglang ipapakasal n'yo na lang siya sa akin?"

This is outrageous! Hindi niya inakalang mas malala pa pala sa pagkakaalam niya ang pagka-old-fashioned ng mga magulang. May arranged marriage pa palang nalalaman! Ipapakasal daw siya kay Dennis Lee Honorio, isang mayamang Filipino-Chinese na mag-i-invest ng isang processing plant sa taniman nila ng macadamia.

Ipapakasal siya sa lalaking iyon para sa kanilang negosyo! Makatarungan ba iyon?

Sinasabi na nga ba't bad idea ang pagsunod sa kagustuhan ng ama na bumalik siya ng Hamakua pagkatapos niyang makapagtapos ng kanyang MA. Heto siya ngayon, nabuburo sa kanilang taniman. Halos wala siyang ginagawa sa pag-ma-manage

ng plantasyon dahil inaako lahat ng kanyang ama, tiyuhin at dalawang pinsan ang responsibilidad sa pagpapatakbo niyon.

"At sa tingin n'yo ho, papayag na lang ako nang basta-basta?" matigas na sabi ni Akane. "This is an arranged marriage, for God's sake!"

"Ano'ng masama doon? Arranged marriage din ang nangyari sa mga magulang ko at tumagal din ang pagsasama nila," giit ng ama niyang si Jorge Zhao.

"Noon ho 'yun, Pa. Pero nasa new millennium na ho tayo. Hindi na uso ang ganyan," kontra pa rin niya.

"Makinig ka sa iyong ama, Akane," mahinahong sabi sa kanya ng ina, si Haruko. "Wala kang aalalahanin kung pakakasalan mo si Lee. Hindi ka maghihirap sa piling niya. Hindi mo na kailangan pang magtrabaho habang-buhay."

Napuno ng galit ang kalooban niya. "Bakit hindi n'yo pa ho tahasang aminin sa akin na ang lahat ng ito'y tungkol sa negosyo? Para n'yo na rin akong ibinenta!"

"Akane!" dumadagundong na bulalas ng papa niya.

Napatayo siya mula sa silya. "This is not fair!"

aniya. Pinigil niya ang kamaong mapabayo sa mesa.

"Sit down, Akane."

Hindi siya sumunod sa utos ng ama.

"Bakit ba napakatigas ng ulo mong bata ka?"

"Pa, kahit naman sinong matinong babae'y hindi papayag sa kagustuhan n'yo!"

"Anak, pupunta dito next month si Lee, magkakaroon ka ng pagkakataon para makilala siya," sabi ng ina.

Napangiwi ang dalaga. Nakikini-kinita na niya ang hitsura ng Tsinoy na iyon. Matanda ng fifteen to twenty years sa kanya, mataba, panot, pandak. Or worse, may bad breath o putok. Dahil kung bata at guwapo iyon, hindi na nito kailangan pang makipag-arranged marriage. Madaming babaeng pipila para pakasal dito lalo pa't mayaman.

Ngayon pa lang, gusto na niyang mag-collapse.

"O, ba't andito ka pa?" ani Icko kay Riley nang mamataan nitong nakaupo pa siya sa mesa niya. Alas tres na ng hapon iyon.

Dati-rati kasi after lunch ay lumalabas na siya

pag sa office lang ang gawain niya. Lumalabas para makipag-date.

"Tinatamad ako," aniya habang nagba-browse sa kanilang files sa computer. Mga files ng mga pinapatrabaho sa kanila ng mga kliyente nila. May kanya-kanya na silang agents na naka-assign sa bawat isa ng mga iyon, pero naghahanap si Riley ng puwede niyang trabahuhin. He missed his field work.

"Wala kang date?"

Umiling siya.

Tumawa ang kaibigan. "Himala."

Matagal na silang magkaibigan ni Pacifico De Jesus mula nang magkakilala sila sa isang shooting range. Thirty-one years old ito, matanda ng tatlong taon sa kanya.

"Naubusan ka na ng mga bebot?" pang-aasar pa nito.

He shrugged his shoulders. "Nakakasawa na rin palang lagi na lang nakikipag-date."

Who could've thought na darating ang araw na magbibitaw siya ng ganoong salita? But it was true. Nag-uumpisa na talaga siyang magsawa sa walang puknat na pakikipag-date. Well, the sex was still

great. But lately, he wasn't as crazy for it as he used to be.

"Kumukupas na ba'ng performance natin?" kantyaw uli ni Icko.

""Tado!" Binato niya ito ng ballpen na mabilis naman nitong nasalo. "At least ako, isini-share ko ang *asset* ko, pero ikaw? May balak ka yatang gawing driftwood 'yang si Manoy mo!" ganti niya.

One-woman man si Icko. Minsan lang niya itong nakitang nagka-girlfriend sa loob ng maraming taon nilang pagkakaibigan. Ngunit matagal na itong break mula sa nobya ay hindi pa niya ito nakikitang nakikipag-date sa ibang babae. Itinutukso nga niya ito sa pinsang si Luna kaso parang hindi naman interesado ang mga ito sa isa't isa.

"Gago!" mura nito at ibinato pabalik sa kanya ang ballpen na mabilis niyang nailagan.

Muli niyang ibinalik ang atensyon sa computer. Hanggang sa magsawa siya.

Nag-inat si Riley habang nakaupo pa rin sa kanyang swivel chair. "Walang exciting na kasong puwedeng hawakan," aniya. Halos pulos paghahanap lang ng nawawalang tao ang nasa files nila.

"Sorry, 'tol, pero si Pareng *Sherlock Holmes* lang talaga ang may karapatang humawak ng mga exciting at mapanganib na kaso," nagpapakatotoong sabi ni Icko. "At 'tang na loob, itigil mo na 'yang pangangarap mong maging action star!"

Bata pa siya noon nang magbasa ng mga libro ni Sir Arthur Conan Doyle. He always loved spy and espionage stories. Exciting kasi, laging nasa aksyon.

At mahilig talaga siya sa bakbakan. Naimpluwensyahan siya ng kanyang yumaong lolo na fanatic nina FPJ, Erap at Ramon Revilla. Kasama siya nito noong nanonood ng mga pelikula ng tatlong maalamat na Filipino action stars. Idolo niya rin sina Jackie Chan at Jet Li. Kaya bata pa siya, nangarap siyang maging private investigator noon, hindi pulis. Dahil ayaw niyang magkaroon ng maraming boss.

Kaso ngayong mayroon na siyang matagumpay na agency, wala pang matinding aksyon ang naranasan niya maliban sa isang kaso noon ng stalker ng isang model. Si Wilson Mapanao, obsessed fan ng isang bata at magandang modelong si Chantal Reginaldo.

Iniligtas niya ang babae mula sa tangkang pagdukot dito ni Wilson. The creep was a martial arts expert. Marami rin itong mga baril dahil nasa militar ang isang kapatid nito. Nagkasukatan sila ng lakas,

at siya ang nanaig kahit na isang balang dumaplis sa kanyang balikat ang tinamo niyang pinsala sa engkuwentro nilang iyon ni Wilson sa isang beses na naiputok nito ang baril.

After that, boring na ang mga kasunod na kasong hinawakan niya. Wala nang aksyon. Siguro nga tama si Icko, sa mga libro at pelikula lang nangyayari ang mauusok na bakbakan at putukan.

“”Kakabagot lang kasi dito,” aniya, sabay hikab.

“Hindi mo kailangang dumito sa opisina. Para ano pa’t tayo ang nagmamay-ari nito, di ba?”

Riley was bored and he knew it. Hindi niya inakalang magiging routinary din pala pati escapades niya sa mga babae.

Nagpasya siya. “I need to take a break.”

Buo na ang pasya ni Akane. Lalayas siya mula sa Hawaii bago dumating ang araw na ipapakilala sa kanya ng mga magulang si Lee.

She checked her bank account. May naipon siyang pera para pambili ng ticket papuntang Pilipinas o Japan at makapag-umpisa ng bagong buhay roon. Titira siguro siya kay Uncle Daisuke sa Nagoya or sa

bahay ni Kaede sa San Bartolome. Pero either way, tiyak na mahahanap pa rin siya ng mga magulang.

Bahala na. Ang importante sa ngayon ay hindi sila magkadaupang-palad ng Lee na iyon! Dahil baka mabugbog pa niya iyon nang di-oras.

This is nuts! Here she was, almost twenty-four years old at nagpaplanong mag-istokwa! Pakiramdam niya ay para siyang batang napagalitan ng magulang na nagtatampo at lumalayas.

Pero ano nga ba ang pinagkaiba niya sa isang bata?

Masahol pa sa paslit kung ituring siya ng mga magulang. Pinupurga ng sermon, laging pinagsasabihan kung paano umaktong tunay na babae, hindi pinapakinggan. And all because they wanted her to be a perfect daughter and a wife someday. To hell with that!

Inimpake niya ang lahat ng damit at importanteng gamit na puwedeng magkasya sa mga maleta niya saka siya tatakas ng bahay pagdating ng gabi.

4

Hila-hila ang mga bagahe ay pumasok si Riley sa bakuran ng bahay ni Kaede sa Tokyo, Japan. Ang kaibigan mismo ang nag-suggest sa kanya na gugulin niya ang kanyang 'time-off' sa Tokyo at ini-offer din nito ang tirahan nito roon para pansamantalang tuluyan niya.

Mabuti nga ito, he thought. Away from everything that were familiar. Bagong lugar, bagong mga tao. Because he recently admitted that he was already being burnt-out sa kanyang daily routine sa Pilipinas. Nothing seemed to entertain him anymore.

Originally, he was planning to stay at some beach like Boracay, kaso naisip niya, madaming mga babaeng naka-bikini roon. Baka hindi niya tuloy mapanindigan ang kanyang 'pagpapahinga'.

Kaya naisipan niyang mag-eermitanyo muna siya rito sa Japan. Who knows, baka pagbalik niya ng Pilipinas ay isa na siyang ninja?

Natatawa siya sa mga naiisip habang inilalabas ang susi ng front door mula sa kanyang bulsa.

Nagulat siya pagpasok sa bahay. Nagkalat ang

wrappers ng chocolates at kung anu-ano pang junk foods sa sahig. May mga lata rin ng soft drinks at light beer.

Nagtaka tuloy si Riley. Walang ibang tao sa bahay, iyon ang sinabi sa kanya ni Kaede. Aba, kung sinuman ang huling taong tumuloy rito ay tamad maglinis! Hindi siya OC o neat freak na tao, pero ayaw na ayaw niya ng makalat na tirahan.

Naiiling na binitiwan niya lahat ng dalang bagahe sa sahig at pinulot isa-isa ang mga basura roon at inilagay sa isang plastic bag na nakakalat.

Tumuloy siya sa kitchen at itinapon sa malaking trash can doon ang basurang hawak. Ngunit mas makalat pa pala ang kitchen at dining room, tambak din ang mga huhugasan sa lababo!

But who was in the house? Kaede made it clear na walang ibang tao sa bahay nito at wala itong inaasahang bisita roon.

Tumikhim siya at malakas na nagsalita. “Is anybody home?”

Walang sagot. In fact, masyadong tahimik ang bahay para magkaroon ng ibang tao roon ngayon.

Ah, what the heck! Pagod siya sa biyahe. Gusto

na niyang mahiga sa kama. Mamaya na niya isisinop ang lahat ng kalat at mamaya na rin siya tatawag kay Kaede.

Naghugas siya ng mga kamay, uminom ng malamig na tubig mula sa water dispenser saka binalikan ang mga bagahe sa sala upang dalhin na sa guest room.

What the...! Makalat din ang guest room!

Iiling-iling na naghubad siya ng mga damit at nagtungo sa bathroom ng kuwarto upang mag-shower.

Pero may natuklasan siya sa loob niyon.

There was a naked girl soaking in the bathtub. May nakapasak na earphones sa magkabilang tainga nito at nagbabasa ng isang *manga*.

Nanlaki ang mga mata nito nang mahagilap siya ng tingin. At tumili nang pagkahaba-haba at makabasag-eardrum. Napatayo ito sa sobrang gulat at hindi alam kung ano ang unang tatakpan sa katawan. Ang dibdib ba, ang mukha o ang pagitan ng mga hita.

"Akane?" gulat at nagtataka niyang naibulalas.

Nagmura ito sa Ingles, Hapon at Chinese saka nauwi sa Tagalog. "Puñeta kang lalaki ka! Ano'ng

ginagawa mo dito?" Dumako ang paningin nito sa ibaba ng kanyang baywang. "Bastos!" Nagtakip ito ng mga mata at muling tumili nang mahaba.

Saka rin niya natantong siya rin pala ay hubo't hubad kagaya nito.

Shit!

Ang siste: Nakipag-duet tuloy siya sa pagsigaw kay Akane, sabay takip sa kanyang pagkalalaki at pumulas palabas ng banyo.

So much for the peace and quiet vacation! himutok ni Riley sa loob-loob habang dinig na dinig niya ang malakas na volume ng TV sa kabilang kuwarto.

Aba, malay ba niyang iisang bahay pala ang binalak nilang pagbakasyunan ni Akane Zhao?

And, Good Lord! Hindi ba alam ng babaeng iyon kung paano maglinis? Ni hindi siya nito tinulungan na linisin lahat ng kalat nito sa bahay!

He would like to think she was filthy, pero naliligo naman pala kahit paano. Nakababad nga sa bathtub nang una siyang dumating dito, di ba?

Napangisi ang binata. He could still remember

every curve of her little body that day, walang anumang trace ng fats ang katawan nito. Her skin was flawless and even-toned. He wondered how her creamy skin would taste like when he run his tongue all over it. And he didn't think that she had a pair of nice rounded firm breasts… Parang mas malaki yata sa nabistahan niyang size ng mga iyon nang naka-gown na ito sa kasal nina Traven at Kendra.

She was so lovely that day. Napaka-sexy and revealing ng suot nitong gown kaya naman kitang-kita niya noon ang cleavage ng hinaharap nito. But, damn! Hindi niya inakalang mas malaki pala ang mga iyon pag walang saplot. He could imagine him caressing them bare, sucking the tips of each mound…

Now he wondered how it would feel like having sex with her. She was petite pero base sa pinatikim nitong martial arts sa kanya, masasabi niyang malakas at flexible ang katawan nito.

Gumana tuloy ang kanyang malikot na imahinasyon. Would he be on top of her? Or kneel in between her thighs, with her legs spread wide open—or he could drape her leg on his shoulder for a deeper penetration. Or maybe he could place her on top of him and watch her move. Puwede ring isampa niya ito sa kitchen table, or pin her against the wall…

have a wild rough sex....

'Tado! mura ni Riley sa sarili.

Nandito siya ngayon para umiwas sa mga kinagawian sa Pilipinas, pero ano ito at nagwawala ang mga pasaway niyang hormones sa katawan sa housemate niya? Nagiging pornographic pa ang kanyang imagination!

Nakakainis! gigil na bulalas ni Akane sa loob-loob.

Bakit sa dinami-dami ng puwedeng pagbakasyunang lugar ay dito pa sa Tokyo napadpad ang buwisit na lalaking iyon! At sa bahay pa ng kanyang pinsan tumuloy!

Hindi dapat malaman ni Kaede na naririto siya ngayon sa bahay nito. Baka magsumbong ito sa parents niya sa Hawaii, mabuking pa siya kaagad. Kailangan na niyang maghanap ng malilipatan para hindi siya maabutan ng mga ito sa bahay ng pinsan. Pero dahil magulo ang isip niya nang lumayas sa Hawaii, wala siyang konkretong plano kung saan talaga pupunta o titira. Basta iisa lang ang nasa isip niya: Ang makalayo bago siya ipakilala sa kung sinumang Lee na iyon.

Dali-dali siyang nagpunta sa kabilang kuwarto at kumatok.

"Yes?" sita ni Riley pagkabukas ng pinto.

"Look, nobody knows na nandito ako ngayon, okay?" derechahang sabi niya.

"And…?"

"Ayokong itsismis mo kahit kanino na nandito ako."

"Puwedeng malaman kung bakit?"

"Wala ka na d'un!" angil ng dalaga.

"Lemme guess…" Ngumisi ito. "May napatay kang tao sa Hawaii at dito ka nagtatago mula sa mga alagad ng batas?"

"Hindi ako mamamatay-tao!"

Tumawa ang kausap.

"Basta, huwag na huwag mong ipagsasabi ito kahit kanino, kahit pa kay Kaede. Maliwanag?"

Inilapit nito ang mukha sa kanya. "You know, mapapakiusapan naman ako nang maayos. Hindi mo na ako kailangan pang takutin." Eksaheradong pinatulis nito ang nguso na animo'y hahalikan siya.

Gigil na nilamukos ni Akane ang mukha nito. "Ano ka, sinusuwerte?"

Gagong ito! Hindi pa nga siya nakakabawi sa panghahalik nito sa kanya noon, nabosohan pa siya nang di-oras! Kung bakit hindi siya nag-lock ng banyo, eh! Pero malay ba niyang may papasok na ibang tao roon? At nakikinig pa naman siya sa kanyang *iPod* ng full-blast na awitin ng *Arashi* kaya hindi niya narinig na may intruder na pala.

"You should start being nice to me kung ayaw mong isumbong kita," pagbabanta nito.

"Subukan mo!" hamon niya.

"Isang tawag ka lang!" Humawak ang lalaki sa dahon ng pinto.

Maagap niyang napigilan ang akmang pagsarado nito sa pinto. "Okay, fine. Magiging mabait ako sa 'yo." Wala siyang ibang choice sa ngayon. Masyado pang maaga para malaman kaagad ng kanyang mga magulang ang pinaglulunggaan niya.

Ngumisi ulit si Riley. "You can start by turning your TV's volume down."

Pinigil niya ang sariling magdabog. "All right."

Kinabukasan ay maagang nagising si Akane. Maghahanap siya ng lilipatan at the same ay maghahanap na rin ng trabaho. Bilang na ang oras niya sa bahay ni Kaede. Alam niyang pinaghahanap na siya ng mga magulang sa Hawaii at pasasaan ba't papunta na ang mga ito sa Japan o Pilipinas upang hanapin siya.

At alam niyang kahit makalipat siya ng tahanan, matatagpuan pa rin siya ng mga ito. Her father was stubborn like her, alam niyang hindi ito susuko sa kanya.

Pero bahala na talaga. Buo na ang kanyang pasya. Hinding-hindi siya pakakasal sa Lee na iyon kesehodang itakwil pa siya ng mga magulang.

Palabas na si Akane ng pinto nang humabol si Riley.

"Hi! May lakad ka? Sama ako!"

Kumulo ang kanyang dugo ngunit pinigil niya ang pag-alpas ng inis. "Maghahanap ako ng apartment at trabaho."

"Samahan kita," pilit ng lalaki.

At hindi niya nga ito napigilan. Kailangan niyang maging mabait dito, di ba?

Habang nasa taxi silang dalawa ay panay ang subok ng lalaki na makipag-usap sa kanya. She would answer him rather blandly, pero ayaw talaga siya nitong tigilan.

She knew what was he trying to do. Palihim nitong inaalam ang dahilan ng kanyang 'pagtatago' sa Japan.

Hindi tuloy makadiskarte si Akane nang tama. Dalawa ang napuntahan niyang apartment at ubod ng mahal ang mga iyon. Bumili na lang siya ng diyaryo at nagpasyang tumambay muna sa *Sumida Park* kung saan namumukadkad na ang pale pink na bulaklak ng cherry blossoms. Pero hindi niya iniintindi ang kagandahan ng paligid. Nakaupo lang siya sa isang bench paharap sa ilog at nagbabasa sa classified ads ng hawak na newspaper.

Nagulat siya nang abutan siya ni Riley ng umuusok na kape sa isang styrofoam cup. "Bumili ako sa isang food stand," anito.

"Thanks." Inabot niya ang cup. Ibinaba ng dalaga sa kandungan ang dyaryo at tumingin sa ilog habang hinihipan ang kape.

Umupo sa kanyang tabi ang lalaki. "It's beautiful here, pero parang hindi mo ine-enjoy ang scenery."

"You're talking about the flowers?" aniya, ni hindi siya sumulyap sa mga puno sa paligid. "They're overrated. I don't see why they hold this *Hanami* every year other than for business purposes."

Parang nagulat ito sa sinabi niya. Hindi siguro inaasahan ng binata na ang isang one-fourth Japanese na gaya niya ay hindi na-a-appreciate ang ganda ng pambansang bulaklak ng Japan.

"They hold this to celebrate spring and to appreciate the beauty of the flowers," anito.

"I know that," aniya. Hindi talaga siya mahilig sa flowers.

"Alam mo rin ba na inihahalintulad sa buhay ng isang samurai ang pamumulaklak ng cherry blossoms?"

Hindi nakasagot ang dalaga. Ang tanging alam niya sa mga samurai ay tungkol sa pakikipaglaban ng mga ito—ang mga armor, ang mga armas na gamit.

"They said para silang mga bulaklak ng *sakura*, makukulay ngunit maiksi lamang ang buhay."

Wow! She didn't know that. Nor she did realize the connection.

"Nag-research ka talaga tungkol sa Japan, ha?"

nasabi niya para pagtakpan ang pagkapahiya.

"Yup."

"What brought you here?" tanong niya.

"Vacation," simpleng sagot ni Riley.

"Gaano katagal pag-stay mo dito?"

Ipinaling nito ang mukha sa kanya. "Depende," anito saka siya nginitian.

"Are you flirting with me?" prangka niyang tanong.

The least thing na gusto niyang mangyari sa 'pagtatago' dahil sa isang lalaki ay makatagpo ng isa pang lalaki. Isang lalaking presko, mayabang at antipatiko. Sarap lunurin sa ilog!

"No." Lumapad ang ngiti nito. "Bakit ako makikipag-flirt sa isang tulad mo?"

Napanganga si Akane.

Pinasadahan siya nito ng tingin pababa-pataas.

"Hindi ka naman yata babae."

"You asshole!" asik niya at inihampas sa mukha nito ang dyaryo. Matindi ang kanyang pagtitimping isaboy rito ang mainit na kape. Well, hindi pa pala

siya ganoon kabayolente. “That was a cheap shot, man,” gigil na sabi niya. “You know what, you ruined it. I’m done being nice to you. Sige lang, itawag mo kay Kaede na nandito ako ngayon at magkakasubukan tayo. Baka isungalngal ko sa bunganga mo ang cellphone mo!”

Tumayo siya at iniwan sa park ang lalaki.

Gagong iyon! Ano ba ang akala nito sa kanya? Hindi porque’t haragan siyang kumilos ay hindi na siya tunay na babae! Teka, bakit ba nag-aalboroto siya? Di ba wala naman siyang pakialam sa mga sasabihin ng ibang tao tungkol sa kanya?

Pero ang lakas talaga ng dating sa kanya ng Riley na iyon! Parang bagyo. Nagugulo ang kanyang sistema.